


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 4:  
Pagpapakita Ng Paggalang Sa Ideya o  
Suhestiyon Ng Kapuwa



**Edukasyon Sa Pagpapakatao (EsP) – Ikaanim na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagpapakita Ng Paggalang Sa Ideya o Suhestiyon Ng  
Kapuwa  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Philippine P. Lusabia, Ma. Fe F. Nasayre

**Editor:** Carmelita R. Segara, Raulito D. Dinaga

**Tagasuri:** Zaldy H. Reliquias, PhD, Raulito D. Dinaga, Othelo M. Beating

**Tagaguhit:** Cyril S. Montero

**Tagalapat:** Othelo M. Beating

**Tagapamahala:** Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV - Regional Director  
Pedro T. Escobarte, Jr., PhD, CESO V - OIC-Regional Director  
Elena P. Gonzaga, Regl Chief-CLMD  
Donald T. Genine, Regl EPS-LRMS  
Meriam T. Lima, Reg'l EPS, ESP  
Marsette D. Sabbaluca, CESO VI - SDS  
Lynee A. Peñaflor - ASDS  
Salvacion J. Senayo - OIC-ASDS  
Zaldy H. Reliquias PhD, Chief-CID  
Raulito D. Dinaga, EPS-LRMS  
Carmelita R. Segara, EPS-ESP  
Othelo M. Beating, PDO II-LRM

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region VI – Western Visayas**

Office Address: **Duran St. Iloilo City, Philippines**

Telefax: **(033) 336-2816, (033) 509-7653**

E-mail Address: **deped6@deped.gov.ph**

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikalawang Markahan – Modyul 4:  
Pagpapakita Ng Paggalang Sa  
Ideya o Suhestiyon Ng Kapuwa**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikaanim na Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagpapakita Ng Paggalang Sa Ideya o Suhestyon ng Kapuwa!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.



## ***Alamin***

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang mga paraan ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng iba. Maisasagawa mo ang mga tamang hakbang sa pagsang-ayon sa pasiya o desisyon kung ito'y nakabubuti sa sarili at sa lahat sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa modyul na ito. Masusuri mo rin sa modyul na ito ang mga sitwasyon o pangyayari na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng iba at kung paano mo ito mapahahalagahan.

At sa bandang huli, inaasahan na masagot mo ang tanong: Paano mo maipakikita ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng iba?

Sa modyul na ito, inaasahan din na malilinang ang sumusunod na mga kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Nakikilala ang mga paraan ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa.
2. Natutukoy ang mga pangyayari o sitwasyon na nangangailangan ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa para sa ikabubuti ng sarili at ng lahat.
3. Nasusuri ang mga ideya o suhestiyon ng kapuwa kung ito ay nakabubuti o nakasasama.
4. Napahahalagahan at naipakikita ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa.



## **Subukin**

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang mga salitang nagpapakita ng paggalang sa kapuwa at ekis (✗) kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Matiyagang paghihintay at pagpila sa linya
- \_\_\_\_\_ 2. Respeto sa ari-arian ng iba
- \_\_\_\_\_ 3. Respeto sa pribadong oras ng kapuwa
- \_\_\_\_\_ 4. Respeto sa oras ng pamamahinga ng ibang tao
- \_\_\_\_\_ 5. Pagsigaw sa kausap
- \_\_\_\_\_ 6. Panghihimasok sa buhay ng iba
- \_\_\_\_\_ 7. Pagpalo sa aso ng kapitbahay
- \_\_\_\_\_ 8. Pagbibigay sa kapuwa ng nararapat sa kaniya
- \_\_\_\_\_ 9. Pagbibigay ng opinyon na nakasasakit sa damdamin ng iba.
- \_\_\_\_\_ 10. Nagagalit sa mungkahing di nagugustuhan

## Aralin

# 1

## Pagpapakita Ng Paggalang Sa Ideya o Suhestiyon Ng Kapuwa

*Ang paggalang ay hango sa salitang Latin na “respectus” na ang ibig sabihin ay “paglingon o pagtinging muli.” Iba-iba ang uri ng paggalang. May paggalang para sa buhay ng tao, hayop at halaman. Mayroon ding paggalang sa antas ng edukasyon, kayamanan at katayuan sa buhay. May isa pang uri ng paggalang - ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng iba. Ito ay kalimitang mangyayari kung ipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng pagbibigay ng halaga sa opinyon o saloobin ng iba. Ang paggalang sa ideya o opinyon ng iba ay mahalaga upang maabot ang isang tamang desisyon. Dapat din nating isaalang-alang na may mga opinyon na nagdudulot ng mabuti at di-mabuting resulta.*



### **Balikan**

Panuto: Isulat sa iyong kuwarderno ang salitang **TAMA** kung ang sitwasyon sa bawat bilang ay nagpapakita ng pagiging matapat at **MALI** kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Umalis ang inyong nanay dahil may importanteng pupuntahan. Bago siya umalis sinabihan kayong magkapatid na huwag aalis ng bahay. Pero ang kapatid mo ay hindi sumunod at nakita mo na pumunta sa kaniyang kaibigan para manood ng telebisyon.
- \_\_\_\_\_ 2. Nakarinig ka ng lagabog sa labas ng bahay at nakita mong nabasag ang bagong paso ng iyong nanay. Sinabi ng bunsong kapatid mo na siya ang nakabasag ng bagong paso.
- \_\_\_\_\_ 3. Alam mong magagalit ang iyong tatay sa iyong ibabalita na lumiban sa klase ang iyong kuya. Sinabihan ka niya na huwag magsumbong sa inyong magulang, ngunit sinabi mo pa rin sa inyong Tatay dahil alam mo na para ito sa kaniyang ikabubuti.

- \_\_\_\_\_ 4. Gusto mong kumain ng sugpo na alam mo na magdudulot ito ng *allergy* sa iyo katulad ng nangyari noon. Nagpaalam ka muna sa iyong Nanay kung pwede kang kumain nito.
- \_\_\_\_\_ 5. Sinabi ng kapitbahay mo na ang iyong kapatid ay palaging lumiliban sa klase. Kinausap mo ang iyong kapatid ng masinsinan at tinanong kung ito ay totoo o hindi at sinabi naman niya sa iyo na ito ay totoo.
- \_\_\_\_\_ 6. Nakakuha ka ng mababang grado sa tatlo mong asignatura. Kahit nahihiya at natatakot sa iyong mga magulang ay ipinaalam mo pa rin ito sa kanila at sinabi na pagbutihin mo ang iyong pag-aaral at babawi sa susunod na pagsusulit.
- \_\_\_\_\_ 7. Nasalubong mo ang iyong kaklase na papauwi at sinabihan ka na walang pasok kahit ito ay hindi totoo. Hindi ka sumama at tumuloy ka pa rin sa paaralan ngunit hindi mo sinabi sa inyong guro ang tungkol sa pag-uwi ng iyong kaklase dahil sabi mo bahala na siya sa kaniyang buhay at wala kang pakialam.
- \_\_\_\_\_ 8. Gusto mong dumalo sa *birthday party* ng iyong kaibigan ngunit hindi ka pinayagan ng iyong mga magulang dahil gabi na at may kalayuan pa ang lugar nito. Sinunod mo ang hindi pagpayag ng iyong mga magulang dahil napagtanto mo na ito ay tama at para rin sa iyong kapakanan.
- \_\_\_\_\_ 9. Maysakit ang lolo ni Cyril at siya ang napag-utusan na bantayan muna niya ito kahit na may laro siyang basketbol. Sinunod naman niya ang utos subalit pag-alis ng kaniyang mga magulang ay umalis din siya agad upang maglaro.
- \_\_\_\_\_ 10. Ayaw payagan si Janny ng kaniyang tatay na sumali sa paligsahan sa pagtakbo dahil walang magbabantay sa kanilang mga hayop sa bukirin. Sumunod naman siya ng hindi nagrereklamo.





### ***Mga Tala para sa Guro***

Katungkulan mong tiyakin na ang bawat mag-aaral ay mabibigyan ng sapat na suporta at alalay mula sa kanilang magulang, nakatatandang kapatid sa bahay o kahit na sa mga kamag-anak, kaibigan at kapitbahay.



## Tuklasin

Basahin ng mabuti ang kuwento at sabihin ang iyong sagot sa mga tanong pagkatapos nito:

### **“Opinyon Mo at Opinyon Ko”**

(ni R.D.D)

Sa silid-aralan ni G. Roa sa ikaanim na baitang ay may pagpupulong. “Sino ang gusto na maging representante ng ating klase para sa patimpalak sa “Tagisan ng Talino” sa susunod na buwan? tanong ni G. Roa sa kaniyang mag-aaral. Nagtaas ng kamay si Javen “Sir, si Cyril po ang magiging representante natin. Sa palagay ko po kayang-kaya ni Cyril iyan.” Tumayo si Rodney at nagtanong ng malakas. “Bakit siya ang pipiliin natin at marami namang magagaling diyan at nababagay? nakasimangot at galit na tanong ni Rodney. Sino ba ang gusto mo Rodney? tanong ng guro. “Si Ilcon sir!” “Bakit si Ilcon ang napili mo? tanong muli ng guro. “Si Ilcon ay mayaman at bida sa ating paaralan kung kaya’y marami siyang kakilala at mga kaibigan. Samantala si Cyril ay mahirap lamang at hindi kilala ng karamihan,” pahayag ni Rodney. Nagtaas muli ng kamay si Javen. “Sir, si Cyril po ay masigasig sa kaniyang pag-aaral kung kaya’y palagi siyang nakakakuha ng mataas na marka sa ating mga pagsusulit. Siya ay mahirap ngunit mabait at masunurin sa mga alituntunin ng ating paaralan. Dahil sa kaniyang ugali at angking talino, may kakayahan siya na makamit kung ano ang ninanais natin para sa ating klase. Alam na alam kong mananalo siya,” ang pahayag ni Javen. “Ngayon, pipili tayo kung sino ang ating gusto, ngunit bago ang lahat may nais akong ipaliwanag sa inyo. Mga bata, kailangan ay maging bukas tayo sa anumang opinyon ng iba kahit ito ay hindi natin gusto. Kung bukas tayo sa opinyon o pahayag ng iba, ito ay nagpapakita lamang ng isang paggalang. Kung nagkakataon na hindi natin gusto ang pinili ng iba, kailangan maging mahinahon tayo at huwag magalit. Suriin kung ito ba ay tama o hindi sa pamamagitan ng pakikinig ng mga paliwanag. Dapat isaalang-alang natin ang magiging damdamin ng iba bago tayo magbitiw ng hindi kanais-nais na mga salita. Magkakaiba man tayo ng pananaw at opinyon, palaging isaisip natin kung makabubuti ito sa karamihan at matuto tayong tanggapin kung ano man ang kagustuhan ng iba,” paliwanag ni G. Roa. Pagkatapos ng paliwang ni G. Roa at ng botohan, maligayang-maligaya si Cyril dahil siya ang nanalo para maging representante ng kanilang klase sa “Tagisan ng Talino”.

Mga Tanong:

1. Ano ang dahilan kung bakit pinili ni Javen si Cyril na maging representante sa patimpalak? May katotohanan ba ang kaniyang pahayag? Paano?
2. Bakit ayaw naman ni Rodney kay Cyril? Tama ba ang kaniyang paraan sa pagpahayag ng kanyang opinyon? Bakit?
3. Nakatulong ba ang mga paliwanag ng guro para piliin ng mag-aaral si Cyril na maging representante sa patimpalak? Bakit?



## **Suriin**

Magandang araw! Inaasahan na sa pamamagitan ng modyul na ito ikaw ay makapagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng iyong kapuwa. Ang paggalang ay isang napakahalagang bagay sapagkat dito ay maaaring makilala kung paano tayo nakikipagkapuwa-tao.

### **PAGGALANG**

*Ang paggalang ay nagsimula sa salitang Latin na “respectus” na ang ibig sabihin ay “paglingon o pagtinging muli.”. Naipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng pagbibigay ng halaga sa isang tao o bagay. Ang pagkilala sa halaga ng tao o bagay ang nakapagpapatibay sa kahalagahan ng paggalang.*

### **Limang (5) Halimbawa ng Paggalang sa Suhestiyon o Opinyon ng Kapuwa**

- 1. Maging bukas tayo sa mga opinyon ng iba, ngunit kailangan muna nating suriin kung ito ba ay makabubuti o makasasama hindi lamang para sa sarili kundi para sa lahat.*
- 2. Kung may pagkakataong hindi nagustuhan ang naibigay na opinyon sa iyo, maging mahinahon lamang sa pakikipag-usap, huwag agad magagalit o magsasalita ng hindi maganda. Palaging isaalang-alang ang mararamdaman ng taong nagbigay nito. Lahat naman ay maaaring idaan sa maayos na usapan.*
- 3. Iwasang magbigay ng mga mungkahi o opinyon na makasasakit ng damdamin ng ibang tao.*
- 4. Kailangang tanggapin natin ang opinyon ng iba lalo na kung ito ang mas makabubuti. Maging tiyak at sigurado lamang bago isagawa ito.*
- 5. Kung may isang paksang tinatalakay o pinag-uusapan, hingin muna ang opinyon o saloobin ng lahat. Pagkatapos ay pagsama-samahin ang lahat ng ito. Timbangin ang mga maaaring gawin at hindi gawin, at saka magkaroon ng konklusyon.*

*Magkakaiba man tayo ng mga perspektibo sa buhay, palaging piliin ang pagkakaroon ng pagtanggap, ang pagtanggap sa kagustuhan ng iba.*

***Paraan ng Pagsasabuhay ng Paggalang na Ginagabayan ng Katarungan at Pagmamahal***

- *Panatilihin ang pagkakaunawaan, bukas na komunikasyon at pagkilala sa halaga ng pamilya at ng lipunang kinabibilangan.*
- *Kilalanin ang kakayahan ng bawat tao na matuto, umunlad at magwasto sa kaniyang pagkakamali.*
- *Pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa, sa pamamagitan ng patuloy na pagtulong at paglilingkod sa kanila.*
- *Laging isaalang-alang ang damdamin ng kapuwa sa pamamagitan ng maayos at marapat na pagsasalita at pagkilos.*
- *Isaalang-alang ang pagiging bukod-tangi ng bawat tao sa pamamagitan ng pagpapakita ng angkop na paraan ng paggalang.*
- *Suriing mabuti ang kalagayan o situwasyon ng kapuwa upang makapagbigay ng angkop na tulong bilang pagtugon sa kanilang pangangailangan.*
- *Bilang bahagi ng katarungan, ibigay sa kapuwa ang nararapat sa kaniya, ang nararapat na paggalang sa kaniyang dignidad.*



## ***Pagyamanin***

A. Panuto: Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang sagot sa patlang.

1. Ang \_\_\_\_\_ ay hango sa salitang Latin na “*respectus*” o paglingon muli.”
2. Naipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_ sa ideya o opinyon ng iba.
3. Dapat tayong maging bukas sa \_\_\_\_\_ ng iba.
4. Dapat maging \_\_\_\_\_ kung hindi mo gusto ang *opinyon* ng iba.
5. Iwasang magbigay ng mungkahi na \_\_\_\_\_ sa damdamin ng iba.

B. Panuto: Magbigay ng tatlong paraan ng pagsasabuhay ng paggalang sa ideya ng iba. Ipaliwanag ito ayon sa naranasan o nararanasan mo. Isulat ang iyong mga sagot sa kuwaderno.

1. Kilalanin ang kakayahan ng bawat tao.

---

---

---

2. Panatilihin bukas ang komunikasyon.

---

---

---

3. Pagtugon sa pangangailangan ng taong kausap.

---

---


---

C. Panuto: Sagutin ng **TAMA** o **MALI**. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kuwaderno.

- \_\_\_\_\_ 1. Sa pakikipagkausap sa iba iwasan ang panghuhusga.
- \_\_\_\_\_ 2. Isaalang-alang ang pagiging bukod-tangi o “*uniqueness*” ng bawat isa.
- \_\_\_\_\_ 3. Laging isaalang-alang ang damdamin ng kapuwa bago magsalita.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pagkilala sa halaga ng tao ay hindi importante sa paggawa ng desisyon.
- \_\_\_\_\_ 5. Suriing mabuti ang mga ideya o opinyon kung ito ba ay makabubuti.
- \_\_\_\_\_ 6. Sigawan ang mga kausap na may ibang ideya.
- \_\_\_\_\_ 7. Ibalewala ang opinyon ng iba.
- \_\_\_\_\_ 8. Tanggapin ang opinyon ng iba lalo na kung mas mainam ito.
- \_\_\_\_\_ 9. Dapat tanggapin ang pagkakaiba ng opinyon ng bawat tao.
- \_\_\_\_\_ 10. Iwasang magbigay ng mungkahi na nakasasakit sa damdamin ng iba.



## Isaisip




Panuto: Basahin ang mga tanong. Sa bawat bilang isulat ang **OPO** kung ikaw ay sumasang-ayon, at **HINDI PO** kung hindi ka sumasang-ayon. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Kailangan bang tanggapin natin ang opinyon ng iba lalo na kung ito ay makabubuti sa karamihan?
2. Dapat bang iwasan ang pagbibigay ng mga mungkahi o opinyon na makasasakit sa damdamin ng ibang tao?
3. Dapat bang maging mahinahon tayo at huwag agad magalit kung hindi natin magustuhan ang opinyon para sa atin?
4. Kailangan bang suriin ng mabuti ang kalagayan o sitwasyon ng kapuwa upang makapagbigay ng angkop na tulong bilang pagtugon sa kanilang pangangailangan?
5. Dapat bang panatilihin bukas ang ating isip at komunikasyon para magkaroon ng pag-unawa sa opinyon ng iba?



## Isagawa



Iginuhit ni Cyril S. Montero

Panuto:

- A. Magbigay ng iba't ibang sitwasyon na nagsasabi tungkol sa larawan sa itaas. Sabihin kung ang mga sitwasyon na ibinigay ay nakabubuti o hindi.
  
- B. Isulat sa ikalawang kolum ang mga dapat gawin bilang paggalang sa ideya ng iba.

Sitwasyon	Mga Dapat Gawin Bilang Paggalang
1. Ang mungkahi ng isa mong kasamahan sa <i>Clean-Up Drive</i> ay makasisira ng kalikasan. Ano ang dapat mong sabihin sa kaniya na hindi masasaktan ang kaniyang damdamin?	



<p>2. Maganda ang ideya ng isang kasapi ng samahan tungkol sa <i>Clean-Up Drive</i>. Subalit galit ka sa kaniya dahil nagkalat siya ng masamang balita tungkol sa iyo. Ano ang gagawin mo?</p>	
<p>3. Hindi ka masyadong kumbinsido sa mungkahi ng kapitan tungkol sa paraan ng pagbibigay ng <i>relief goods</i>. Paano mo ito maipararating sa kaniya?</p>	
<p>4. Tuwing may pagpupulong ay napapansin mo na tahimik ang ibang kasapi. Paano mo sila hihimukin na magsalita at magbigay ng kanilang mungkahi?</p>	
<p>5. Habang nagpupulong ang mga kasamahan mo ay bigla na lang nagsigawan ang dalawang kasapi ng pangkat. Ano ang gagawin mo?</p>	



## ***Tayahin***

Panuto: Isulat ang mga ginawa mong pagpapakita ng paggalang sa mungkahi o ideya ng iba. Isulat sa kwaderno ang iyong mga sagot.

1. Paraan ng paggalang sa mungkahi na nakabubuti.

---

---

---

---

---

2. Paraan ng paggalang sa mungkahi na di-nakabubuti.

---

---

---

---

---

3. Paraan ng paggalang sa mungkahi na galing sa kasamaan ng loob.

---

---

---

---

---

---



## Karagdagang Gawain

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain na nakalagay sa unang kolum.

Mga Gawain	Palagi	Madalas	Bihira
1. Bukas sa opinyon ng iba.			
2. Kailangang suriin kung ang opinyon ay nakabubuti o nakasasama.			
3. Nagbibigay ng mga <i>opinyon</i> na nakasasakit sa damdamin ng iba.			
4. Gumagawa ng desisyon para sa ikabubuti ng sarili lamang.			
5. Hinihingi ang saloobin ng lahat bago magdesisyon.			
6. Tinatanggap ang opinyon ng iba, kaibigan man o kasamaan ng loob.			
7. Tinitimbang ng mabuti ang mga opinyon at pagsamahin ang mga nakabubuti at di-nakabubuti bago magdesisyon.			
8. Pinananatili ang pagkakaunawaan habang tinatalakay ang mga pangyayari.			

9. Nagiging mahinahon kung hindi pinapansin ang mungkahi.			
10. Umaalis kaagad sa <i>meeting</i> kapag ayaw ng grupo ang iyong desisyon.			
11. Sumasali pa rin sa samahan kahit hindi nasusunod ang iyong mga iminumungkahi.			
12. Nagsasalita ng mahinahon at maayos kung ayaw mo ang isang mungkahi.			
13. Ipinakikita ang magandang asal habang pinagdedesiyonan ang mga mungkahi.			
14. Hindi nagbibigay mungkahi at nakikinig lamang sa talakayan mula sa simula hanggang sa matapos.			
15. Nagdadahilan na maunang aalis pero ang totoo ay ayaw mo ng kanilang mga iminumungkahi.			

Panuto: Gumawa ng sumusunod na mga gawain bilang pagpapahalaga sa paggalang sa iba.

1. Gumawa ng dayalogo na nagpapakita ng usapan ng dalawang magkaibigan na may paggalang sa mungkahi ng kaibigan.

---

---

---

---

---

2. Gumawa ng poster na nagpapakita ng pagpupulong-pulong na may paggalang sa ideya ng iba.

---

---

---

---

---



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>A. Pagyamanin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. paggalang</li><li>2. pagbigay ng halaga</li><li>3. opinyon</li><li>4. mahinahon</li><li>5. makasasakit</li></ol>	<p><b>Balikin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. MALI</li><li>2. TAMA</li><li>3. TAMA</li><li>4. TAMA</li><li>5. TAMA</li><li>6. TAMA</li><li>7. MALI</li><li>8. TAMA</li><li>9. MALI</li><li>10. TAMA</li></ol>	<p><b>Subukin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. ✓</li><li>2. ✓</li><li>3. ✓</li><li>4. ✓</li><li>5.</li><li>6.</li><li>7.</li><li>8. ✓</li><li>9.</li><li>10.</li></ol>
<p><b>C. Pagyamanin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. TAMA</li><li>2. TAMA</li><li>3. TAMA</li><li>4. MALI</li><li>5. TAMA</li><li>6. MALI</li><li>7. MALI</li><li>8. TAMA</li><li>9. TAMA</li><li>10. TAMA</li></ol>	<p><b>Isaisip</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. 00</li><li>2. 00</li><li>3. 00</li><li>4. 00</li><li>5. 00</li></ol>	

## **Sanggunian**

*<https://www.slideshare.net/MaricarValmonte1/mga-paraan-ng-pagpapakita-ng-paggalang-at-pagsunod-sa-mga-magulang>*

*<https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/1102001100>*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)